# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 01, 2021, LUNES, IKA-09:21 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ...... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ...... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ...... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ...... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 24 FEB 2021 Sta. Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 2-24-21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 018-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 49-T2020 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 09-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN DALAWANG LIBO DALAWANG DAAN WALUMPU'T LIMANG PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P102,285.80) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2021 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY MALINAO, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 49-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 09-T2020 ng Barangay Malinao ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P102,285.80 mula sa limang bahagdang (5%) pondong kalamidad nang taong 2021 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P71,600.06) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P30,685.74) ng Barangay Malinao, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT,** ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Barangay Affairs), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 49-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 09-T2020 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P102,285.80 mula sa limang bahagdan (5%) pondo sa kalamidad nang taong 2021 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Malinao, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY, Pebrero 01, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan